



OMB Control Number: 3245-0407
Petsa ng Pagkawalang Bisa: 12/31/2020

PROGRAMA SA PROTEKSIYON NG SWELDO
KWESTIYONARYO SA PANGANGAILANGAN NG PAUTANG NG PPP
(PARA SA MGA FOR-PROFIT NA UMUUTANG)

Layunin ng form na ito na magbigay-daan sa pagkolekta ng karagdagang impormasyon na gagamitin ng mga tagarepaso ng pautang ng SBA para pag-aralan ang sertipikasyon ng mabuting pakay na ginawa mo sa Aplikasyon ng Umuutang sa PPP (SBA Form 2483 o katumbas na form ng umuutang) mo na ginawang kinakailangan ng kawalang-katiyakan ng ekonomiya ang paghiling mo ng pautang. Ang bawat for-profit ng Umuutang na, kasama ng mga kasosyo nito,¹ nakatanggap ng mga pautang ng PPP na may orihinal na prinsipal na halagang \$2 milyon o higit pa ay kinakailangang punan at isumite ang form na ito, kasama ng mga kinakailangang pangsuportang dokumento, sa Nagpapautang na nagseserbisyo sa inutang ng Umuutang sa PPP. **Nakatakdang matanggap ng Nagpapautang na nagseserbisyo ng pautang ng PPP ang napunang form sa loob ng sampung araw na may-pasok mula sa petsa ng pagtanggap nito mula sa Nagpapautang sa iyo.**

Nirerepaso ng SBA ang mga pautang na ito para mai-maximize ang integridad ng programa at ma-protektahan ang mga pinagkukunang nagbabayad ng buwis. Gagamitin ang nakolektang impormasyon para ipagbigay-alam sa pagrepasso ng SBA ang tungkol sa iyong sertipikasyon ng mabuting pakay na ang kawalang-katiyakan ng ekonomiya ang nagtulak sa iyong humiling ng pautang na kinakailangan para suportahan ang mga nagpapatuloy mong operasyon. Ang pagtanggap ng form na ito ay hindi nangangahulugan na kinontra ng SBA ang sertipikasyon na iyon. Pagkaraang isumite ang form na ito, maaaring humingi ng karagdagang impormasyon ang SBA, kung kinakailangan, para matapos ang pagrepasso. Ibabatay ang pagtukoy ng SBA sa kabuuan ng sitwasyon mo.

Ang kabiguang punan ang form at magbigay ng hinihinging pangsuportang dokumento ay maaaring magresulta sa pagtukoy ng SBA na hindi ka karapat-dapat para sa pautang ng PPP, sa halaga ng pautang ng PPP, o anumang hinahabol na halagang patatawarin, at maaaring humingi ang SBA ng pagbabayad sa pautang o gagamit ng iba pang remedyo.

Sa loob ng limang araw na may-pasok pagkaraan mong mapunan ang form ng lahat na hinihinging katugunan, mga pangsuportang dokumento, at mga lagda at sertipikasyon, kinakailangan ng Nagpapautang na nagseserbisyo sa pautang mo na i-upload ang form at mga dokumento sa SBA PPP Forgiveness Platform (forgiveness.sba.gov) at hiwalay na ipasok ang mga katugunan mo sa bawat tanong sa web form na makukuha mula sa platform.

Nakahanda ang mga karagdagang tagubilin sa susunod na pahina.

Paperwork Reduction Act (Batas sa Pagbabawas ng Papeles) - Hindi ka kinakailangang tumugon sa pagkolekta ng impormasyon na ito maliban kung ipinapakita nito ang isang kasalukuyang balidong OMB Control Number. Ang tinatayang oras para tapusin ang kwestionaryong ito, kasama na ang pangangalap ng kinakailangang data, ay 90 minuto. Ang mga komento tungkol sa oras na ito o ng impormasyong hinihingi ay dapat ipadala sa Small Business Administration, Director, Records Management Division, 409 3rd St., SW, Washington DC 20416, at/o SBA Desk Officer, Office of Management and Budget, New Executive Office Building, Washington DC 20503. **HUWAG IPAPADALA ANG MGA FORM SA MGA ADDRESS NA ITO.**

¹ Tingnan ang [85 FR 20817](#) (Abril 15, 2020) tungkol sa paglalapat ng mga panuntunan ng SBA sa sosyohan.

Bahagi A - Impormasyon ng Umuutang

Legal na Pangalan ng Negosyo ("Umuutang")	DBA o Tatak-kalakal, kung naaangkop	
Address ng Negosyo	TIN ng Negosyo (EIN, SSN)	Telepono ng Negosyo
	Pangunahing Kontak	E-mail Address
Numero ng SBA PPP na Pautang	Orihinal na Principal na Halaga ng PPP na Pautang (\$)	

Bahagi B - Kwestiyonaryo Para sa For-Profit na Umuutang

Kabilang sa mga karapat-dapat na uri ng mga for-profit na umuutang ang mga sole proprietor, partnership, C-corporation, S-corporation, limited liability company, independent contractor, kwalipikadong self-employed na indibidwal, mga Tribal business (sec. 31(b)(2)(C) ng Small Business Act), at mga electric at telephone na kooperatiba na hindi kabilang sa pagbubuwis sa kinikita sa ilalim ng section 501(c)(12) ng Internal Revenue Code.

Mga Tagubilin:

- Para sa mga seksyon ng Pagtatasa sa Aktibidad ng Negosyo sa ibaba, dapat kang magsama ng mga pangsuportang dokumento para sa mga kasagutan mo sa tanong #1 bilang bahagi ng isusumite mo.
- Para sa seksyon na Pagtatasa sa Liquidity sa ibaba, dapat kang magsama ng mga pangsuportang dokumento para sa mga kasagutan mo sa mga tanong #1, 2.B, 3.B, 4.C, at 5.C bilang bahagi ng isusumite mo.
- Para sa bawat tanong, sa kanan na column (na may label na "Lihim?"), piliin ang "OO" o "HINDI" para ipabatid kung karaniwang inililihim ang mga sagot o impormasyon na ibinigay sa mga sagot mo.
- Maaaring humiling ang SBA ng mga karagdagang pangsuportang dokumento bilang bahagi ng pagrepaso sa pautang.

Pagtatasa sa Aktibidad ng Negosyo	Kumpidensyal?
1. Magbigay ng mga sagot at pangsuportang dokumento para sa mga tanong 1.A at <u>alinman sa</u> 1.B o 1.C: A. Ano ang gross na kinita ng Umuutang sa second calendar quarter (Q2) ng 2020? \$ <i>Ang mga minsanang umuutang ay maaaring magbigay ng gross na kinita sa third calendar quarter (Q3) ng 2020 sa halip na sa Q2 2020.</i>	
B. Kung nagnenegosyo na ang Umuutang noong Q2 2019, ano ang naging gross na kinita ng Umuutang noong Q2 2019? <i>Ang mga minsanang umuutang na nagpasok ng gross na kinita noong Q3 2020 para sa tanong 1.A ay dapat na magpasok ng gross na kinita noong Q3 2019.</i>	

<p>C. Kung hindi pa nagnenegosyo ang Umuutang noong Q2 2019, ano ang naging gross na kinikita ng Umuutang sa unang calendar quarter (Q1) ng 2020?</p> <p><i>Ang mga minsanang umuutang na nagpasok ng gross na kinita noong Q3 2020 para sa tanong 1.A ay dapat na magpasok ng gross na kinita noong Q3 2019.</i></p>	<p>\$</p>	
<p>2. A. Mula nang naglabas si Presidente Trump ng Deklarasyon ng Pambansang Emergency para sa COVID-19 noong Marso 13, 2020, inutusan ba ng estado o ng lokal na awtoridad ang Umuutang na magsara dahil sa COVID-19?</p>	<p><input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI</p>	
<p>B. Kung ang sagot sa 2.A ay OO, aling pang-estado o lokal na awtoridad ang naglabas ng kautusan na magsara?</p>		
<p>C. Kung ang sagot sa 2.A ay OO, ibigay ang mga petsa ng simula at wakas ng kautusang magsara (kung nagpapatuloy, isulat ang “kasalukuyan” sa ilalim ng “Wakas”).</p>	<p>Simula Wakas</p>	
<p>3. A. Sa anumang oras mula Marso 13, 2020, inutusan ba ng pang-estado o lokal na awtoridad ang Umuutang na gumawa ng malaking pagbabago sa mga operasyon dahil sa COVID-19?</p>	<p><input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI</p>	
<p>B. Kung ang sagot sa 3.A ay OO, ibigay ang mga petsa ng simula at wakas ng kautusang baguhin ang mga operasyon nito (kung nagpapatuloy, isulat ang “present” sa ilalim ng “Wakas”).</p>	<p>Simula Wakas</p>	
<p>C. Kung ang sagot sa 3.A ay OO, paanong nagbago ang mga operasyon ng Umuutang dahil sa kautusan? (piliin ang lahat na nalalapat)</p> <p>i. Minsang binawasan o nilagyan ng hangganan ang bilang ng mga taong pinapayagan sa isang lokasyon.</p> <p>ii. Hanggang sa labas lang ang pinapayagang serbisyo.</p> <p>iii. Binago ang mga lugar na pinagtatrabahuhan ng mga empleyado.</p>	<p><input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI</p> <p><input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI</p> <p><input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI</p>	

<p>iv. Iba pa (pakilarawan) [max na 1,000-character].</p>	
<p>D. Kung ang sagot sa 3.A ay OO, anu-ano ang mga tinatayang karagdagang gastos ng Umuutang para sa mga ipinag-utos na pagbabagong ito? \$</p>	
<p>4. A. Sa anumang oras mula Marso 13, 2020, kusa bang inihinto o binawasan ng Umuutang ang mga operasyon nito dahil sa COVID-19?</p>	<p><input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI</p>
<p>B. Kung ang sagot sa 4.A ay OO, ibigay ang mga petsa ng simula at wakas nang kusang inihinto o binawasan ng Umuutang ang mga operasyon nito (kung nagpapatuloy, isulat ang “kasalukuyan” sa ilalim ng “Wakas”).</p>	<p>Simula Wakas</p>
<p>C. Kung ang sagot sa 4.A ay OO, bakit kusang inihinto o binawasan ng Umuutang ang mga operasyon? (piliin ang lahat na nalalapat)</p> <p>i. Nahawa ng COVID-19 ang (mga) empleyado.</p>	<p><input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI</p>
<p>ii. Malaki ang naging epekto ng COVID-19 sa supply chain ng Umuutang (hal., hindi nakakapag-deliver ang isang supplier ng kalakal o serbisyo na importante para sa mga operasyon ng Umuutang dahil sa COVID-19).</p>	<p><input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI</p>
<p>iii. Iba pa (pakilarawan) [max na 1,000-character].</p>	
<p>5. A. Sa anumang oras mula Marso 13, 2020, kusa bang binago ng Umuutang ang mga operasyon nito dahil sa COVID-19 (bukod pa sa paghinto o pagbawas sa mga operasyon)?</p>	<p><input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI</p>

	Simula	Wakas
B. Kung ang sagot sa 5 .A ay OO, ibigay ang mga petsa ng simula at wakas nang isinagawa ang mga kusang pagbabago (kung nagpapatuloy, isulat ang “kasalukuyan” sa ilalim ng “Wakas”; kung putol-putol, magbigay ng mga petsa ng simula at wakas).		
C. Kung ang sagot sa 5.A ay OO, paano kusang nabago ang mga operasyon ng Umuutang? (piliin ang lahat na nalalapat)		
i. Minsang binawasan o nilagyan ng hangganan ang bilang ng mga taong pinapayagan sa isang lokasyon.	<input type="checkbox"/> OO	<input type="checkbox"/> HINDI
ii. Hanggang sa labas lang ang pinapayagang serbisyo.	<input type="checkbox"/> OO	<input type="checkbox"/> HINDI
iii. Binago ang mga lugar na pinagtatrabahuhan ng mga empleyado.	<input type="checkbox"/> OO	<input type="checkbox"/> HINDI
iv. Iba pa (pakiklarawan) [max na 1,000-character].		
D. Kung ang sagot sa 5.A ay OO, anu-ano ang mga tinatayang karagdagang gastos ng Umuutang para sa mga kusang pagbabagong ito? \$		
6. A. Sa pagitan ng Marso 13, 2020 at wakas ng panahong saklaw ng pagpapatawad sa pautang ng inutang sa PPP, nagsimula ba ang Umuutang ng anumang panibagong proyekto sa pagpapahusay na hindi dahil sa COVID- 19?	<input type="checkbox"/> OO	<input type="checkbox"/> HINDI
B. Kung ang sagot sa 6.A ay OO, anu-ano ang mga tinatayang karagdagang gastos ng Umuutang para sa mga proyektong ito? \$		
7. Ano ang pangunahing six-digit na NAICS code ng Umuutang?		

8. Opsyonal - magbigay ng mga karagdagang komento sa anumang tanong na nasa Seksyon ng Pagtatasa sa Aktibidad ng Negosyo na ito [Max na 1,000-character].	
---	--

Pagtatasa sa Liquidity	Kumpidensyal?
1. Sa huling araw ng calendar quarter na agaran bago ang petsa ng aplikasyong ng Umuutang para sa PPP na pautang, magkano ang pinanghahawakan ng Umuutang na cash at katumbas ng cash? Magbigay ng pangsuportang dokumento.	
2. A. Sa pagitan ng Marso 13, 2020 at wakas ng panahong saklaw ng pagpapatawad sa pautang ng inutang sa PPP, nagbayad ba ang Umuutang ng anumang dibidendo o iba pang distribusyon ng kapital (bukod pa sa mga pass-through na tinatayang pagbabayad ng buwis ²) sa mga may-ari nito? <input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI	
B. Kung ang sagot sa 2.A ay OO, ano ang kabuuang halaga ng lahat na dibidendo o iba pang kapital na distribusyon sa pagitan ng Marso 13, 2020 at wakas ng panahong saklaw ng pagpapatawad sa pautang ng PPP? Magbigay ng pangsuportang dokumento.	
3. A. Sa pagitan ng Marso 13, 2020 at wakas ng panahong saklaw ng pagpapatawad sa pautang ng PPP, nagpaunang-bayad ba ang Umuutang ng anumang di-bayad na pagkakautang (hal., nagbayad bagoang takdang petsa sa kontrata)? <input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI	
B. Kung ang sagot sa 3.A ay OO, ano ang kabuuang halaga ng lahat na pagbabayad ng pagkakautang sa pagitan ng Marso 13, 2020 at wakas ng panahong saklaw ng pagpapatawad sa pautang ng PPP? Magbigay ng pangsuportang dokumento.	

² Ang mga distribusyon na isinagawa ng isang partnership o S-corporation na dinisenyo para gamitin lang sa tinatayang na quarterly na pagbabayad ng buwis ng mga may-ari ang tinatanggap, hangga't hindi nakahihigit ito sa pananagutan sa buwis para sa mga kinitang tubo sa unang tatlong quarter ng 2020, 110 porsiyento ng pro-rata share na bahagi ng pananagutang buwis sa mga distribusyon ng nakalipas na taon, at/o 100 porsiyento ng pro-rata nabahagi ng pananagutang buwis sa kabuuan ng mga distribusyon ng 2020.

<p>4. A. Sa loob ng panahong saklaw ng pagpapatawad sa pautang ng PPP, binayaran ba ang sinuman sa mga empleyado ng Umuutang sa halagang nakahihigit sa \$250,000 sa batayang pangtaunan? (Ang kabayaran para sa layuning ito ay sumasaklaw sa gross na sahod, gross na sweldo, gross na tip, gross na komisyon, at lahat na allowance para sa pagkakatanggal o pagkaka-alis sa trabaho.)</p>	<input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI	
<p>B. Kung ang sagot sa 4.A ay OO, ilang empleyado?</p>		
<p>C. Kung ang sagot sa 4.A ay OO, ano ang kabuuang halaga ng kabayaran sa loob ng panahong saklaw ng pagpapatawad sa pautang ng lahat na empleyadong iyon na kabilang sa sagot sa 4.B? Magbigay ng pangsuportang dokumento.</p>	\$	
<p>5. A. Sa loob ng panahong saklaw ng pagpapatawad sa pautang ng PPP, mayroon bang sinuman sa mga may-ari ng Umuutang na nagtatrabaho sa Umuutang na binayaran ng Umuutang sa halagang nakahihigit sa \$250,000 sa batayang pangtaunan? (Ang kabayaran para sa layuning ito ay sumasaklaw sa gross na sahod, gross na sweldo, gross na tip, gross na komisyon, at lahat na allowance para sa pagkakatanggal o pagkaka-alis sa trabaho.)</p>	<input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI	
<p>B. Kung ang sagot sa 5.A ay OO, ilang may-ari?</p>		
<p>C. Kung ang sagot sa 5.A ay OO, ano ang kabuuang halaga ng kabayaran sa loob ng panahong saklaw ng pagpapatawad sa pautang ng lahat na may-aring iyon na kabilang sa sagot sa 5.B? Magbigay ng pangsuportang dokumento.</p>	\$	
<p>6. A. Sa petsa ng aplikasyong ng Umuutang sa PPP, nailista ba ang anuman sa mga equity security ng Umuutang sa national securities exchange?</p>	<input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI	
<p>B. Kung ang sagot sa 6.A ay OO, ano ang market capitalization ng Umuutang sa petsa ng aplikasyon ng Umuutang sa PPP?</p>	\$	
<p>7. A. Sa petsa ng aplikasyon ng Umuutang sa PPP, mayroon bang anumang publicly traded (bukas sa publiko) na kompanya ang nagmamay-ari sa 20 porsiyento o higit pa ng anumang uri ng di-bayad na equity security ng Umuutang?</p>	<input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI	

B.	Kung ang sagot sa 7.A ay OO, ano ang pangalan at market capitalization ng publicly traded na kompanya sa petsa ng aplikasyon ng Umuutang sa PPP?		
	Kompanya A (pangalan):	\$	
	Kompanya B (pangalan):	\$	
	Kompanya C (pangalan):	\$	
	Kompanya D (pangalan):	\$	
	Kompanya E (pangalan):	\$	
8.	Kung ang sagot sa 6.A ay HINDI, ano ang book value (equity value ng shareholder) ng Umuutang sa huling araw ng calendar quarter bago ang mismong araw ng aplikasyon ng Umuutang sa PPP?	\$	
9.	A. Sa petsa ng aplikasyon ng Umuutang sa PPP, isa bang subsidiary ang Umuutang (hal., may hindi bababa sa 50 porsiyento ng common equity ng Umuutang, o katumbas na equity interest, na pag-aari ng) isa pang kompanya (ang parent company)?	<input type="checkbox"/> OO	<input type="checkbox"/> HINDI
	B. Kung ang sagot sa 9.A ay OO, ano ang pangalan ng parent company?		
	C. Kung ang sagot sa 9.A ay OO, na-organisa o na-incorporate ba ang kompanya sa ilalim ng mga batas ng isang hurisdiksyon na nasa labas ng U. S.?	<input type="checkbox"/> OO	<input type="checkbox"/> HINDI
	D. Kung ang sagot sa 9.A ay OO, at kung nakalista ang anumang equity security ng parent company ng Umuutang sa national securities exchange o sa isang securities exchange sa hurisdiksyon sa labas ng U.S., ano ang market capitalization ng parent company sa petsa ng aplikasyon ng Umuutang sa PPP ?	\$	
10.	Sa petsa ng aplikasyon ng Umuutang sa PPP, mayroon bang 20 porsiyento o higit pa ng anumang uri ng di-bayad na equity security ng Umuutang na pag-aari ng isang pribadong kompanya ng equity, kompanya ng venture capital, o hedge fund (kabilang ang pondong pinamamahalaan ng anumang naturang kompanya)?	<input type="checkbox"/> OO	<input type="checkbox"/> HINDI

<p>11. A. Sa petsa ng aplikasyon ng Umuutang sa PPP, isa bang affiliate ang Umuutang³ o isang subsidiary (hal., may hindi bababa sa 50 porsiyento ng common equity ng Umuutang, o katumbas na equity interest, na tuwiran o di-tuwirang pag-aari o kontrolado ng) isang banyagang, enterprise na pag-aari ng ibang bansa (hal., isang kompanya na hindi bababa sa 50 porsiyento ang pag-aari ng ibang bansa) o isang departamento, ahensiya, o kasangkapan ng banyagang bansa?</p>	<input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI	
<p>B. Kung ang sagot sa 11 .A ay OO, ano ang pangalan ng banyagang, enterprise na pag-aari ng ibang bansa o departamento, ahensiya, o kasangkapan ng ibang bansa?</p>		
<p>12. A. Direkta bang nakatanggap ang Umuutang ng anumang pondo mula sa anumang programa ng CARES Act bukod sa PPP, hindi kabilang ang mga benepisyo sa buwis?</p>	<input type="checkbox"/> OO <input type="checkbox"/> HINDI	
<p>B. Kung ang sagot sa 12. A ay OO, pakibigay ang halaga ng pondo. \$</p>		
<p>C. Kung ang sagot sa 12.A ay OO, pakibigay ang pangalan ng programa o ilarawan ang pinagmulang ng pondo. [Max na 1,000-character]</p>		
<p>13. Opsyonal - magbigay ng mga karagdagang komento sa anumang tanong na nasa Seksiyon ng Pagtatasa sa Liquidity na ito [Max na 1,000-character].</p>		

³ Para sa mga layunin ng tanong na ito, ilapat ang pagsuri sa affiliation gaya ng inilarawan sa SB bilang pamagitang pinal na panuntunan sa mga affiliate, 85 FR 20817 (Abril 15, 2020).

MGA SERTIPIKASYON

Dapat na patotohanan ng Awtorisadong Kinatawan ng Umuutang ang lahat ng nasa ibaba sa pamamagitan ng paglalagay ng inisyal sa tabi ng bawat item:

_____ Pinapatotohanan ko na taglay ko ang awtoridad na lagdaan at isumite ang kwestiyonaryong ito sa ngalan ng Umuutang.

_____ Pinapatotohanan ko na ang impormasyong ibinigay sa kwestiyonaryong ito at lahat ng pangsuportang dokumento ay totoo at tama sa lahat ng materyal. Isinasagawa ko ang pagpapatotoo na ito pagkaraang magsagawa ng makatuwirang pagtatanong sa mga tao, sa mga system, at iba pang impormasyon na magagamit ng Umuutang.

_____ Nauunawaan ko na ang sadyang paggawa ng maling pahayag upang makakuha ng garantisado o kapatawaran sa pagkakautang sa SBA ay mapaparusahan sa ilalim ng batas, kabilang ang nasa ilalim ng 18 U.S.C. 1001 at 3571 sa pamamagitan ng pagkabilanggo nang hindi hihigit sa limang taon at/o isang multang aabot sa \$250,000; sa ilalim ng 15 U.S.C. 645 sa pamamagitan ng pagkabilanggo na hindi hihigit sa dalawang taon at/o isang multa na hindi hihigit sa \$5,000; at, kung isinumite sa isang institusyong nakaseguro ng pamahalaang pederal, sa ilalim ng 18 U.S.C. 1014 sa pamamagitan ng pagkabilanggo nang hindi hihigit sa tatlong taon at/o isang multa na hindi hihigit sa \$1,000,000.

Lagda ng Awtorisadong Kinatawan ng Umuutang

I-print ang Pangalan

Titulo

Petsa